## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos na kaya nating magmahal sa iba dahil una Niya tayong minahal. Magpasalamat tayo na ang Kanyang pagmamahal ay para rin sa mga tao sa paligid natin.
- Hilingin sa Diyos na palaguin ang iyong malasakit at tunay na pagmamahal sa iba. Idalangin mo na alisin ng Diyos ang anumang kayabangan o pagiging hindi makatwiran para makita ng iba ang pagmamahal ng Diyos sa iyo.
- Idalangin mo na bigyan ka ng pagkakataong magsilbi at magpakita ng kabutihang-loob sa mga tao bilang pagpapakita ng pagmamahal ng Diyos sa iyo. Idalangin rin na maipahayag mo ang ebanghelyo habang ginagawa mo ito.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Josh Hernandez, Pastor Romeo Mercado, Mark Muleta

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

# A Love Like His

## Pagtugon sa Perpektong Pagmamahal ng Diyos

WEEK 3

## WARM-UP

- Naalala mo ba ang isang pagkakataon na ipinakita ng isang tao ang pagmamahal niya sa iyo? Ano ang naramdaman mo?
- Ano ang mga dahilan para maging madaling mahalin ang isang tao? Ano ang mga ginagawa mo kapag mahirap mahalin ang isang tao?
- May natulungan ka na bang tao na nangangailangan? Ano ang naging reaksyon niya?

## WORD

*[19]Umiibig tayo sa Diyos dahil siya ang unang umibig sa atin. [20]Ang nagsasabing mahal niya ang Diyos ngunit napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling. Dahil kung ang kapatid niya mismo na nakikita niya ay hindi niya mahal, paano pa kaya niya magagawang mahalin ang Diyos na hindi naman niya nakikita? [21]Kaya ito ang utos na ibinibigay sa atin ni Cristo: ang taong nagmamahal sa Diyos ay dapat ding magmahal sa kanyang kapatid.* **1 JUAN 4:19–21**

Ipinapakita ng Bibliya ang paraan ng pagmamahal ng Diyos. Sa kanyang sulat sa mga taga-Corinto, sinabi ni Pablo na ang perpektong pagmamahal ng Diyos ay mahinahon, mabait, hindi mainggitin o mayabang, at marami pang iba (1 Corinto 13:4–7). Ang mga katangiang ito ay ipinakita ni Jesus nang ialay Niya ang Kanyang sarili para sa ating mga kasalanan. Dahil sa pagmamahal ng Diyos, kaya nating magpakita ng pasensya, kabaitan, pagpapakumbaba, at pagiging katulad ni Cristo sa ibang tao. Ngayong araw, pag-usapan natin ang paalala ni Juan na mahalin ang iba at kung paano natin ito maipapakita sa araw-araw nating pamumuhay.

## 1 Ang pagmamahal ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kakayahang mahalin ang iba.

*Umiibig tayo sa Diyos dahil siya ang unang umibig sa atin.*
**1 JUAN 4:19**

Paulit-ulit na sinabi ni Juan na ang tunay na pagmamahal ay nagmumula lamang sa Diyos. Ang pagmamahal ay nagiging perpekto sa atin dahil unang ipinakita ng Diyos sa atin ang pagmamahal. Ang kakayahan nating magmahal ng iba ay mula sa pagmamahal ng Diyos. Habang lumalalim ang relasyon natin sa Kanya, patuloy tayo nitong binabago, at nauunawaan natin na nakaka-apekto ang Kanyang pagmamahal sa pakikisalamuha natin sa iba. Ang pagtugon sa pagmamahal ng Diyos ay natural na reaksyon ng isang pusong binago Niya. Una tayong minahal ng Diyos. Paano binabago ng kaalamang ito ang pakikitungo mo sa mga tao sa paligid mo?

## 2 Ang pagmamahal sa Diyos ay nangangahulugan na mamahalin din natin ang ating kapwa.

[20]*Ang nagsasabing mahal niya ang Diyos ngunit napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling. Dahil kung ang kapatid niya mismo na nakikita niya ay hindi niya mahal, paano pa kaya niya magagawang mahalin ang Diyos na hindi naman niya nakikita?* [21]*Kaya ito ang utos na ibinibigay sa atin ni Cristo: ang taong nagmamahal sa Diyos ay dapat ding magmahal sa kanyang kapatid.* **1 JUAN 4:20–21**

Katulad ng pagpapakita ng Diyos ng Kanyang pagmamahal sa atin, tayo rin ay dapat na magpakita ng pagmamahal sa iba. Dito natin ipinapakita na mahal natin ang Diyos. Hindi natin pwedeng sabihing mahal natin ang Diyos kung hindi natin minamahal ang iba, dahil kung ganun, nagiging makasarili tayo at hindi natin pinapayagan ang iba na maranasan ang kagalakan at kapayapaan na mula sa pagmamahal ng Diyos. Ang pagmamahal sa Diyos at sa iba ay hindi pwedeng paghiwalayin at ito ang pinakamahalagang utos ni Jesus (Mateo 22:34–40). Maraming paraan para ipakita ang pagmamahal ng Diyos sa iba. Paano mo naranasan ang pagmamahal ng Diyos sa mga salita at kilos na ibinigay mo o natanggap mo?

## APPLICATION

- Paano kaya lalago ang pagmamahal mo sa Diyos at sa iba ngayong panahon? Ano ang mga hakbang na pwede mong gawin para dito?
- Ano ang mga hadlang na nararanasan mo sa pagmamahal sa iba? Paano mo ito malalampasan?
- Pag-isipan ang Mateo 25:37–40. Ayon sa mga talatang ito, ano ang mga praktikal na paraan para ipakita ang pagmamahal natin sa Diyos sa pamamagitan ng pagmamahal natin sa ating mga kapamilya, kaibigan, o kasama sa komunidad?